9

# Learning Activity Sheet
# Filipino 9
## Kuwarter 4 – Linggo 1-MELC 1

Pagtitiyak ng Kaligirang Pangkasaysayan ng Akdang Noli Me Tangere



REGION VI-KANLURANG VISAYAS

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS) Blg.1**
**Unang Edisyon, 2021**

Inilimbag sa Pilipinas Ng Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas Duran St., Iloilo City

Isinasaad ng **Batas Republika 8293, seksiyon 176** na "Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaang naghanda ng gawain kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang **Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay inilimbag upang magamit ng mga Paaralan sa Rehiyon 6 - Kanlurang Visayas.

**Walang bahagi ng aklat** na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang porma nang walang pahintulot sa Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Learning Activity Sheet sa Q4-Filipino 9**

**Manunulat:** Diana P. Agupasa
**Tagasuri :** Alicia M. Geroso
**Tagalapat :** Eldiardo E. Dela Peña

**Division Quality Assurance Team**
Diana P. Agupasa    Perly M. Mapa
Cynthia C. Caspe    Rosie C. Cabus
Marie Antoniette M. Villar

**Division of Escalante City Management Team:**
Clarissa G. Zamora, CESO VI
Atty. Fevi S. Fanco, EdD
Ivy Joy A. Torres, PhD
Jason R. Alpay
Alicia M. Geroso

**Regional Management Team:**
Ramir B. Uytico
Pedro T. Escobarte, Jr.
Elena P. Gonzaga
Donald T. Genine
Celestino S. Dalumpines IV

Ready-to-Print

**MABUHAY!**

Ang **Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay nabuo sa pamamagitan ng sama-samang pagtutulungan ng Sangay ng Lungsod Escalante at Kagawaran ng Edukasyon, Region 6 – Kanlurang Visayas sa pakikipag-ugnayan ng Curriculum and Learning Division (CLMD). Inihanda ito upang maging gabay ng learning facilitator, na matulungan ang ating mga mag-aaral na makamtan ang mga inaasahang kompetensi na inilaan ng Kurikulum ng K to 12.

Layunin ng **LAS** na ito na gabayan ang ating mga mag-aaral na mapagtagumpayan nilang masagot ang mga nakahanay na mga gawain ayon sa kani-kanilang kakayahan at laang oras. Ito ay naglalayon ding makalinang ng isang buo at ganap na Filipino na may kapaki-pakinabang na literasi habang isinasaalang-alang ang kani-kanilang pangangailangan at sitwasyon.

**Para sa mga learning facilitator:** Ang **Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay binuo upang matugunan ang pangangailangan ng ating mga mag-aaral sa larang ng edukasyon, na patuloy ang kanilang pagkatuto kahit na sila ay nasa kani-kanilang mga tahanan o saan mang bahagi ng learning center sa kanilang komunidad.

Bilang mga learning facilitator, siguraduhing naging malinaw ang mga panuto sa mga gawaing iniatas sa kanila. Inaasahan din na patuloy nating masubaybayan ang pag-unlad ng mga mag-aaral (learner's progress).

**Para sa mga mag-aaral:** Ang **Filipino 9 Learning Activity Sheet** na ito ay binuo upang matulungan ka, na mapatuloy ang iyong pagkatuto kahit na wala ka ngayon sa iyong paaralan.

Pangunahing layunin ng LAS na ito na mabigyan ka ng makahulugan at makabuluhang mga gawain. Bilang aktibong mag-aaral, unawain nang mabuti ang mga panuto ng bawat gawain.

Ready-to-Print

**Learning Activity Sheets (LAS) Blg. 1**

Pangalan:______________________________Grado at Seksiyon:_______________

Petsa: _____________________________

**GAWAING PAMPAGKATUTO SA FILIPINO 9**

## Pagtitiyak ng Kaligirang Pangkasaysayan ng Akdang Noli Me Tangere

Ready-to-Print

### I. Kasanayang Pampagkatuto at Koda

Batay sa napakinggan, natitiyak ang kaligirang pangkasaysayan ng akda sa pamamagitan ng:

-pagtukoy sa layunin ng may-akda sa pagsulat nito

-pag-iisa sa mga kondisyon ng lipunan sa panahong isinulat ito

-pagpapatunay sa pag-iral pa ng mga kondisyong ito sa kasalukuyang panahon sa lipunang Pilipino**.(F9PN-IVa-b-56)**

### II. Panimula (Susing Konsepto)

Mahalaga na magkaroon tayo ng malawak na pang-unawa, kasanayan, kaalaman at pagpapahalaga sa Panitikang Filipino na minana pa sa ating mga ninuno. Dahil dito, maaari nating pag-aralan ang mga pangyayari sa ating kasaysayan at magamit ang mga aral sa kasalukuyang buhay. Ngayon, sama-sama nating tuklasin ang kaligirang pangkasaysayan ng nobelang " Noli Me Tangere" ni Jose Rizal upang matutuhan ang mga mahahalagang impormasyon kung paano nabuo ang aklat.

***Kasaysayan ng Noli Me Tangere***

Isang kakatuwang katotohanan ang pagbasa natin sa Noli Me Tangere sa pamamagitan ng salin. Hindi natin binabasa ang nobela sa orihinal nitong wika sapagkat iilan lamang sa atin ngayon ang may kakayahang bumasa ng Español. Ngunit minahalaga itong nobela dahil sa Batas Rizal noong 1956. Ang batas na ito na kilala bilang Republic Act 1425 ay naglayong isama sa lahat ng kurikulum ng mga paaralan ang pagpapahalaga sa pambansang bayani. Kabilang sa mga pagpapahalagang ito ang pagpapabasa sa madla ng kaniyang dalawang nobela. Dahil dito, nagkaroon ng malaking espasyo sa pagpapasalin ng nobela upang mapalawak ang mambabasa nito.

Masasaksihan sa nobelang Noli Me Tangere ang pagkamulat ni Juan Crisostomo Ibarra sa kabuktutan ng kolonyal na pananakop, na noong una'y panananaligan pa niya sa mithing kilalanin ang Pilipinas bilang ganap na bahagi ng Espanya.

Matagal nang pinagpaplanuhan ni Rizal ang nobela at natapos lamang niya ito noong 1886 sa Berlin, sampung taon bago sumiklab ang rebolusyon.Ipinagbawal ang pagbabasa at pagmamay-ari ng nobela nang makarating ito sa Pilipinas ilang buwan matapos mailathala. Hindi nagustuhan ng mga pari ang anti-simbahang sentimiyento ng nobela, bukod pa sa mga "makabago" at "banyaga" nitong adhikaing nasagap ni Rizal at ng kaniyang mga kapanalig sa kilusang Propaganda. Ito rin ang itinuturing na dahilan ng kaniyang pagkakabitay sa Bagumbayan noong Disyembre 31, 1896.

Sa simula ng nobela, magandang pagpukulan ng pansin ang siniping epigrape ni Rizal, maging ang kaniyang paghahandog. Ang epigrape ay mula sa "Anino ni Shakespeare" ng manunulat na Aleman na si Freidrich von Schiller. Mahalaga ang tanong na iniiwan nitong epigrape hinggil sa abang bansang ito, na kinakatha ni Rizal sa kaniyang nobela: "Ngunit ang tanong ko, Kaibigan,/ sinong Dakila ang lilitaw/ Sa ganitong mga Hamak? Anong/ Kadakilaan ang mangyayari/ sa pamamagitan nila?" Sa kaniyang paghahandog naman, inilalarawan niya na ang "nakasulat sa kasaysayan ng pagdaralita ng sangkatauhan ang isang kanser na may katangiang napakalubha kaya nagpupuyos sa galit munting di-masaling at nanggigising ng matatalim na kirot."

Marubdob ang pagnanasa ni Rizal na itanghal ang sakit na itong dinaranas din ng bansang lagi't lagi niyang nililingon, lalo na nang nasa Europa siya at binabata ang lamig at pangungulila: "nilulunggati ko ang iyong kalusugan, na kalusugan din namin, at hinahanap ang pinakamabuting paglunas." Ginamit niya ang talinghaga ng mga sinaunang tao na naglalantad ng mga maysakit sa "baitang ng templo, upang makapangmungkahi ng lunas ang sinumang dumating na mananawagan sa Bathala."

Malinaw ang nasa ni Rizal sa pagsulat ng nobela. Nais niyang "ilarawan" ang kalagayan ng bayan "nang buong tapat at walang pangingimi." Sa pagkasangkapan ng imahen ng lambong na "tumatabing sa karamdaman," sinisikap na ibunyag ni Rizal ang mga pagdurusa ng kaniyang bayan. Sa buod ng mga kabanatang ito sa nobela, mamamalas ang ganitong pagtatanghal ng kalagayang-bayan, lalo na ang paghahari ng iilan sa mga sangay ng lipunan.

## III. Sanggunian

Ailene G. Baisa-Julian et al, Kaligirang Pangkasaysayan ng Noli Me Tangere pahina 452-453
https://docplayer.net/50258148-Filipino-baitang-9-ikaapat-na-markahan.html

## IV. Mga Gawain


**Gawain 1**
**Panuto:** Sagutin ang sumusunod na mga tanong.

1. Kailan isinulat at nailathala ni Jose Rizal ang nobelang Noli Me Tangere?
2. Ano ang ibig sabihin ng Noli Me Tangere?
3. Bakit niya ito isinulat?

**Gawain 2**
**Panuto:** Magtala ng mga kondisyong panlipunan sa panahong isinulat ang nobelang "Noli Me Tangere".

| Kondisyong Panlipunan |
|---|
| 1. |
| 2. |
| 3. |
| |
| |
| |

**Gawain3**
**Panuto:** Mula sa kaligirang pangkasaysayan ng "Noli Me Tangere". Magbanggit ng mga kondisyon na sa tingin mo ay umiiral sa kasalukuyang panahon. Patunayan ito sa pagbibigay ng kongretong halimbawa/ sitwasyon.Isulat ito sa pamamagitang ng Fish Bone Diagram.




Ready-to-Print

**Tandaan**

Ang Noli Me Tangere ay nobelang panlipunan na isinulat sa layuning magising ang damdamin ng mamamayang Pilipino sa malubhang "kanser sa lipunan". Ito ay sumasalamin sa mga pangyayari sa lipunan sa panahon ng mga kastila. Di naging madali ang pagsasakatuparan sa pagsulat nito gaya ng hirap at pagsasakripisyo ng ating mga ninuno makamit lamang ang kasarinlan.

## V. Repleksiyon

Natutuhan ko na nakatutulong ang pag-aaral sa kaligirang pangkasaysayan ng isang akda sa pag-unawa ng mga pangyayari dahil ___________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

to-Print

## IV.Susi sa Pagwawasto

**Gawain 1**

1. Isinulat at nailathala ni Jose Rizal ang nobelang Noli Me Tangere noong 1887.
2. Ang pamagat ng "Noli Me Tangere" ay salitang Latin na ang ibig sabihin sa Tagalog ay "Huwag Mo Akong Salingin" na hango sa Ebanghelyo ni San Juan Bautista. Itinulad niya ito sa isang bulok sa lipunan na nagpapahirap sa buhay ng isang tao.
3. Isinulat ni Rizal ang nobela para inilarawan dito ang iba't ibang kalupitan at pagmamalabis ng mga kastila sa mga Pilipino.

**Gawain 2**

| Kondisyong Panlipunan |
|---|
| 1.Ang pagkakait ng karapatang pantao ng mga Pilipino |
| 2. Ang tiwaling pagpapatupad ng sistema sa hustisya |
| 3.Ang paghahari ng mga Prayle |

**Gawain 3**

